（TAGALOG/タガログ語版） Ｎｏ．５８

KIAN
KAWASAKI INTERNATIONAL ASSOCIATION NEWS

# KAMUSTA KAWASAKI

Mga paalala at impormasyon mula sa Kawasaki City
NO. 172

# Fureai Net

Ang ***Fureai Net*** ay isang sistema na kung saan maaaring mag-reserba ng paggamit ng pasilidad para sa paligsahan o palakasan (sports facility), silid para sa miting ng Shimin-kan (Citizen's Hall) at iba pang pasilidad sa Siyudad ng Kawasaki. Maliban sa [City Recreation Center], posible na ang reserbasyon ng pasilidad sa pamamagitan ng pag-access sa Fureai Net mula sa Kawasaki City Homepage. Nagsimula ito noong Disyembre ng nakaraang taon. Mapag-aalaman sa sistemang ito ang tungkol sa paggamit, kalagayan o kondisyon at mga paraan ng pagpili ng pasilidad., Ang Fureai net ay mapapakinabangan din mula sa inyong cellphone simula sa ika-17 ng Enero,2005.

Bago magamit ang sistemang Fureai Net, kinakailangang mag-aplay para sa *Fureai Net User Card* gayundin, kailangang punan ang *bank account transfer procedure form* para sa kabayaran ng paggamit ng pasilidad.. Ang application forms ay makukuha sa information counter ng Munisipyo, Shimin-kan at sa iba pang opisina. Pagkatapos mapirmahan ang mga forms na ito, isumiti sa information counter upang mapagkalooban ng USER card.

Sa paggamit ng Fureai Net mula sa telepono o Fureai Net terminals sa Munisipyo, Shimin-kan at iba pang opisina, matutulungan kayo ng voice guide answering machine. kapag marami ang aplikante sa pasilidad na nais gamitin, magsasagawa ng pala-bunutan(lottery). Kumpirmahin ang resulta nito sa loob ng apat na araw pagkatapos ng araw bolahan upang ipagpatuloy ang pag-aplay. Ugaliing dalhin ang Fureai Net User card sa tuwing gagamit ng pasilidad.

Ang pagbabayad sa paggamit ng pasilidad ay sa pamamagitan ng "bank account transfer system" sa susunod na buwan pagkagamit ng pasilidad.

No.173

# Kawasaki International Center
# Konsultasyon para sa mga Dayuhan

Ang Kawasaki International Association na nasa Kawasaki International Center ng Nakahara ay naglalaan ng libreng konsultasyon para sa mga dayuhang may pangamba, suliranin o problema tungkol sa pang-araw araw na pamumuhay.

Ang lahat ng mapapag-usapan ay mananatiling lihim at pangangalagaan ng mga kinauukulan.

Ang mga iskedyul ng konsultasyon sa iba't ibang wika ay ang mga sumusunod:

English : Martes, Miyerkoles, Huwebes, Biyernes at Sabado
Chinese : Martes, Miyerkoles at Biyernes
Portugese : Martes at Biyernes
Korean : Martes at Huwebes
Spanish : Martes at Huwebes
Tagalog : Martes at Miyerkoles

Ang mga oras ng konsultasyon ay tuwing alas-10 ng umaga hanggang alas-12 ng tanghali at mula ala-1 ng hapon hanggang alas-4 ng hapon.

# Silid-Reperensya sa Kawasaki International Center

Ang silid-reperensya ay nasa ikalawang palapag ng Kawasaki International Center sa Nakahara ward. Ito ay bukas ng alas-10 ng umaga hanggang alas-8 ng gabi, mula Martes hanggang Linggo. Ang silid-reperensya ay sarado tuwing araw ng Lunes, ngunit ito ay bukas sakaling ang araw ng pistang opisyal ay tumapat na Lunes. Sa pangyayaring ito, ang susunod na araw ang siyang magiging araw ng pahinga. Maaaring gamitin ang silid-reperensya ng mga mag-aaral na nasa ikatlong baitang ng elementarya at pataas. Iwasan ang paggamit nito bilang silid ng pag-aaral para sa pagsusulit(examination). Iba't ibang aklat-reperensya, diyaryo ng hapon at banyagang diyaryo at mga bideo ang mapapakinabangan sa silid-reperensya. Subukan at alamin ang lahat ng nakalaan sa loob ng silid-reperensya.

No.174

# 119 sa Bumbero

Sa panahon ng tag-lamig, ang lahat ay gumagamit ng pampa-init o heater at ang hangin ay natutuyo kung kaya't kailangan mag-ingat upang maiwasan ang sunog.

Subali't kung magkaroon ng sunog o iba pang insidente, I-report kaagad ang insidente sa pamamagitan ng pagdayal ng mahinahon sa numerong 119. Ang 119 ay contact number ng Fire Fighting Center sa lahat ng siyudad. Kung makaranas ng kahirapan sa pag-uulat ng insidente sa pamamagitan ng telepono, gamitin ang fax sa pagbibigay ng impormasyon. Sa pagtawag sa 119, sabihin ang : "Kaji desu" (may sunog) "Kyukyu desu" (para sa ambulansya). At kung kayo naman ay tatanungin ng "Kaji wa doko desu ka?",(saan ang sunog?) sagutin ng maliwanag " __________ lugar (ward/ku), ____________town/machi/cho,___________ mansion/apato, ___________room number/go-shitsu". Kung hindi sigurado sa tamang direksyon, ituro ang pinakamalapit na palatandaan sa inyong lugar na malapit sa sunog o insidente. Ipag-bigay alam din ang kalagayan ng sunog, malakas na sunog (kaji ga hageshiku moeteimasu). Ipagbigay-alam din kung mayroon at ilang katao ang biktima ng sunog (yakedo o shita hitaga ___ nin imasu).Pagkatapos ng pag-uulat, (ibigay ang buong pangalan at telephonenumber). Kung ang gamit sa pag-re-report ay ang inyong cellular phone, iwasang isara ito at baka sakaling mayroon pang karagdagang katanungan ang Fire FightingCenter. Sa iba pang mga katanungan, makipag-ugnayan sa Fire Prevention Department sa telephone number 044-223-2704 o fax number 044-222-2720.

Issued by The Kawasaki International Association
2-2 Kizuki Gion Cho,Nakahara-Ku, Kawasaki 211-0033 Kawasaki International Center
Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kian@bremen.or.jp HP URL:http://www.bremen.or.jp/kian/